APALA
Asian Pacific American Labor Alliance, AFL-CIO
Organizing
Civil Rights
Economic Justice
www.apalanet.org

APIA Vote
www.apiavote.org

Sampung Hakbang Para Maprotektahan at Mapangalagaan ang Iyong Boto

Every Vote Counts
Asian Pacific American Labor Alliance

May Problema Ka sa Pagboto?
Tumawag ng libre sa:
* Election Protection Hotline: 1-866-OUR-VOTE (1-866-687-8683)
* AALDEF: 1-800-966-5946
Para ireport ang iyong problema

Siguraduhing mabilang ang boto mo!

Heto ang **Sampung Simpleng Hakbang** para maprotektahan at mapangalagaan ang iyong karapatang bumoto o "voting rights".

1. **Tumawag sa lokal na tanggapan ng eleksyon o elections office at tiyakin kung saan ang presintong pagbobotohan mo.** Alamin kung may mga bagong patakaran at mga kailangang ID.
2. **Siguraduhin mong ikaw ay rehistrado.** Kung nagparehistro ka ngayong 2006 at di ka nakatanggap ng tarheta o "registration card " sa koreo, tumawag sa kinauukulan upang masiguro na walang problema sa iyong pagpaparehistro. Mahalagang gawin ito lalo na kung nagbago ka ng tirahan, pangalan, o kung hindi ka bumoto noong nakaraang eleksyon.
3. **Alamin kung maaring bumoto ng maaga.** Kung pinapayagan ito, bumoto ka ng maaga.
4. **Magdala ng ID sa presinto** kung sakaling ito ay kailanganin; mas makabubuti kung ang ID ay galling sa gobyerno (tulad ng lisensiya o passport); o pwede rin ang bill sa kuryente, telepono, o paystub na nakalagay ang iyong pangalan at address o tirahan
5. **Humingi ng tulong sa mga nagtatao sa presinto.** Basahin ang anomang mga impormasyon nakapaskil sa presinto; kung may tanong ka tungkol sa mga ito, humiling ng tulong sa mga nagtatao sa presinto.
6. Siguraduhin mong ikaw ay makaboto. Kung naantala ang dating mo sa presinto at nakalinya ka na sa pagsara nito, maghintay at hwag kang umalis sa pila dahil maari ka pa ring bumoto at karapatan mo ito.
7. **Kapag ikaw ay inalok ng probisyonal na balota dahil may duda sa iyong pagiging dapat bumoto,** alamin mo kung maari kang bigyan ng regular na balota kapag nagpakita ka ng karagdagang ID; o kaya kung kalilipat mo lang ng tirahan, pumunta sa dati mong presinto at doon ka bumoto. Kung walang ibang paraan, bumoto ka pa rin sa pamamagitan ng probisyonal na balota..
8. **Magsama ng isang kakilala o kaibigan.** Maaring magdala ka ng kasama na iyong pinili sa lugar ng botohan upang makakatulong sa pagpapaliwanag ng balota at ng pagboto
9. **Kung may problema sa iyong karapatang bumoto**, makipag-usap ka sa taong namumuno sa presinto o sa taong nakakaalam tungkol sa mga karapatan sa pagboto, o tumawag sa pambansang libreng numbero ng **Election Protection Hotline, 1-866-OUR-VOTE (1-866-687- 8683).**
10. **Ireport sa AALDEF, 1-800-966-5946 ang anomang kapansin-pansin na mga katiwalian sa pagboto o kaya kung ikaw ay pinagamit ng probisyonal na balota.** Maari ka ding mag-report sa pamamagitan ng email votingcomplaints@aaldef.org. Ang sadya ng Asian American Legal Defense and Education Fund (AALDEF) ay masiguro na lahat ng mga probisyonal na balota ng mga API (Asian Pacific Islander) ay kasama sa bilang!